



Ang factsheet na ito ay isinagawa upang magbigay ng pangkalahatang impormasyon. Hindi ito isang legal na dokumento. Mangyaring basahin ang Employment Standards Act (Batas sa mga Pamantayan sa Trabaho) at Regulasyon para sa pagkaunawa at paggamit ng batas.

July 2016

## Mga Ahensiya sa Trabaho

Sa British Columbia, ang mga ahensiya sa trabaho ay dapat lisensiyado sa ilalim ng *Employment Standards Act*. Ang isang lisensiyadong ahensiya sa trabaho ay maaaring tumanggap ng bayad mula sa mga tagapag-empleyo upang mag-recruit ng mga empleyado.

### Walang singil para makahanap ng trabaho

Ang isang taong naghahanap ng trabaho ay hindi kinakailangang magbayad para sa tulong sa paghahanap ng trabaho, pagkuha ng impormasyon tungkol sa isang trabaho, para makausap ang tagapag-empleyo, o makahanap ng trabaho.

Ang isang tagapag-empleyo ay hindi dapat humingi o tumanggap ng bayad mula sa tao bilang kapalit ng pagkuha sa kanila ng trabaho.

Ang isang ahensiya sa trabaho ay hindi dapat humingi o tumanggap ng bayad mula sa sinumang tao para sa:

- Pagsusumite ng kanilang aplikasyon sa isang tagapag-empleyo para sa trabaho;
- Pagsasaayos na mabigyan sila ng trabaho ng isang tagapag-empleyo, o kaya
- Pagbibigay sa kanila ng impormasyon tungkol sa mga posibleng trabaho.

Ang isang ahensiya sa trabaho ay hindi pinahihintulatang magbayad sa sinuman upang makakuha ng tulong sa paghanap ng trabaho para sa iba.

### Lisensiya

Ang isang ahensiya sa trabaho ay dapat lisensiyado. Dapat isumite ng isang ahensiya ang isang pormularyo sa aplikasyon sa Direktor, kasama ng \$100.00 na bayad. Ito'y maaaring ipadala sa anumang Branch office.

Bago mag-isyu ng isang lisensiya, dapat matiyak ng Direktor na ang ahensiya ay gaganap sa pinakamabuting kapakanan ng mga tagapag-empleyo at mga taong naghahanap ng trabaho. Maaaring tumanggi ang Direktor na mag-isyu ng isang lisensiya sa isang aplikante na dati nang nakanselahan ng lisensiya. Maaaring kanselahin o suspindihin ng Direktor ang isang lisensiya kung ang ahensiya sa trabaho ay:

- gumawa ng mali o nakalilitong pahayag sa isang aplikasyon para sa isang lisensiya;
- sumalungat sa Batas o sa regulasyon;
- hindi nagpalakad sa ahensiya sa trabaho para sa pinakamabuting kapakanan ng mga tagapag-empleyo at mga tao na naghahanap ng trabaho; o kaya
- hindi nagsabi sa isang tagapag-empleyo kung saan nagpasok ng isang domestic ang ahensiya na dapat munang irehistro ng tagapag-empleyo ang domestic sa Employment Standards Branch.

### Pagsingil para sa mga ibang serbisyo

Ang isang ahensiya sa trabaho ay maaaring magbigay ng mga ibang serbisyo sa mga taong naghahanap ng trabaho, tulad ng pagsulat ng biodata o paghahanda sa interbyu. Hindi maaaring



utusan ng isang ahensiya sa trabaho ang isang taong naghahanap ng trabaho na gamitin o magbayad para sa ibang mga serbisyong ito bilang kondisyon ng paglalagay sa kanila sa trabaho. Hindi maaaring utusan ng isang ahensiya sa trabaho ang isang taong naghahanap ng trabaho na magbayad para sa tulong sa imigrasyon bilang kondisyon ng paglalagay sa kanila sa trabaho.

### **Pagkuha muli ng perang ibinayad**

Ang bayad na natanggap mula sa isang taong naghahanap ng trabaho ay ituturing na mga suweldo at maaaring makuha muli sa ilalim ng Batas.

### **Pagtatago ng mga rekord**

Dapat magtago ang ahensiya sa trabaho ng rekord ng mga sumusunod:

- ang bawat tagapag-empleyo na tumatanggap ng serbisyo;
- ang bawat taong pinadala sa isang tagapag-empleyo upang ma-hire;
- ang bawat taong binigyan ng impormasyon tungkol sa mga tagapag-empleyo na naghahanap ng mga empleyado.

Ang rekord na ito ay dapat nasa Ingles sa pangunahing lugar ng pangangalakal ng ahensiya sa trabaho sa British Columbia at dapat itago nang dalawang taon.

### **Advertising**

Ang isang tagapag-empleyo, isang ahensiya sa trabaho, o taong naghahanap ng trabaho ay maaaring magbayad upang i-advertise ang isang trabaho o ang kanilang mga serbisyo.

Hindi maaaring humingi ang isang ahensiya sa trabaho sa isang taong naghahanap ng trabaho ng anumang klaseng advertising bilang kondisyon ng pagtulong sa kanila na maghanap ng trabaho.